# NASAAN NA TAYO SA EDUKASYON?

*by:*
**Rosalie F. Sarmiento**
*School Principal I, Mabatang Elementary School*

Dalawang taon na ang Edukasyon sa buong mundo ay malubhang nagambala ng pandemyang COVID-19. Bilang pagtugon sa krisis na ito, prayoridad pa rin ng buong mundo na masiguro na ang bawat bata ay masuportahan upang makabalik sa pag-aaral at makahabol sa mga nawalang pagkatuto.

Alam natin na kailangang mapabilis ang edukasyon at ang pagbawi sa pagkatuto sa pormal na edukasyong nawala sa mga mag-aaral ay maibalik sa normal sa lalong madaling panahon. Sa pahayag ng UNICEF (United Nations International Children's Emergency Fund) sa pakikipagtulungan ng UNESCO (United Nations Educational, Scientific and Cultural Organization) at ng World Bank ay ipinapakita ang malaking kawalan ng pagkatuto sa edukasyon sa buong mundo at pinag-aaralang gamitin ang mga pamamaraan na ginagawa sa ibat-ibang bansa upang mapagaan ang pagbalik sa pag-aaral sa pagbubukas ng klase. Base sa survey ng 122 bansa na kabilang sa UNICEF at mga opisinang nangangalap ng pondo na isinagawa noong March 2022, ang ulat ay nagpapakita ng kahalagahan at progreso sa limang unang hakbang upang makabawi sa edukasyon; Una, abutin ang mga bata at ibalik sa paaralan; Pangalawa, tasahin ang antas ng kanilang pag-aaral; Pangatlo, unahin ang pagtuturo ng pangunahing kaalaman; Pang-apat, pataasin ang paghabol sa mga araling kung saan sila mahina at panglima, bumuo ng pangkalusugang psychosocial at kagalingan ng katawan upang maging handa sa pag-aaral ang bawat bata.

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

Ang Pilipinas ay nabibilang sa mga bansang huling nagbukas ng mga paaralan mula ng simula ng pandemya. Pagkalipas ng dalawa at kalahating taon, ang epekto ng

pandemya sa mga paaralan ay higit nating nakikita at nararamdaman sa pagpapatuloy ng klase sa bawat silid-aralan.

Ang Asian Development Bank ay nag ulat na ang mga mag-aaral sa Developing Asia kabilang ang Pilipinas ay nawalan ng mahigit kalahating taon ng epektibong pagkatuto sa karaniwang bilang ng mag-aaral. Mahigit siyamnapung porsyento ng batang Filipino ang nakikibaka sa pagbasa at pag-unawa ng simpleng salita sa edad na sampu. Ang suliraning ito ay sinasamahan din ng mga bilang ng mga out-of-school na kabataan na halos umabot na sa kalahating milyon.

Ang mga guro ay dapat mabigyan ng kasanayan sa pagkilala sa mga batang nakararanas ng karahasan o kapabayaan upang masuportahan sila sa pagbabalik at makabawi sa pag-aaral. Kailangan na magkaisa ang lahat upang maibalik ang kabuuang kalidad ng edukasyon, kilalanin at suportahan ang mga mag-aaral na nahihirapan lalo na ang mga galing sa mahihirap na lugar kasama rito ang simpleng pagtatanong sa komunidad, mga programa sa remedial na pagtuturo at pagtanggap sa mga batang may kapansanan.

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

Mahigpit pa ring ipinatutupad ang mga protocol na pangkalusugan gaya ng sapat na bentilasyon, ligtas na espasyo, inuming tubig at kalinisang pangkalusugan kagaya ng palagiang paghuhugas ng kamay at pagsusuot ng face mask. Ang mga mag-aaral, mga guro at iba pang kawani ng paaralan gayundin ang mga magulang ay patuloy na hinihikayat sa pagpapabakuna laban sa COVID19.

Sa kalagayan ng edukasyon ngayon, hindi na ito kailangang magambala pa kahit anong mangyari, kailangan itong maipagpatuloy. Lahat ng paaralan, pampubliko o pribado man ay sumunod at sumuporta sa mandato ng pormal na muling pagbubukas ng klase para sa taong panuruan 2022-2023 sa kondisyong ang kaligtasan ng mga mag-aaral at mga matatanda ay isasaalang-alang. Ang proteksyon sa kaisipang

pangkalusugan at kalakasan ay prayoridad kasabay ng pinalakas na sistema ng edukasyon.

Bawat batang Filipino maging sino man, ano man, nasaan man o anumang kalagayan o pangyayari ang kanilang kinakaharap ay may karapatang mag-aral at matuto sa lahat ng oras at panahon. Maibibigay natin ang nararapat na edukasyon para sa mga bata kung tayo ay magtutulungan at pagsisikapang matugunan ang lahat ng kanilang mga pangangailangan upang makamit ang mataas na kalidad ng edukasyon.

*References:*

https://www.youtube.com/watch?v=WCdKTiyGvyE
https://www.studocu.com/ph/document/lyceum-of-the-philippines-university/komunikasyon-sa-akademikong-filipino/edukasyon-noonat-ngayon/12722108
https://www.coronavirus.vic.gov.au/tagalog-education

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan